I. Libreng *Senior Citizen ID card* **na ibinibigay ng** *Office of Senior Citizens Affairs* **(OSCA) sa munisipyo o lungsod** kung saan nakatira ang *senior citizen*.

II. 20 porsyento (20%) diskuwento at hindi pagbabayad ng *value added tax* **(VAT), kung nauukol, sa mga sumusunod:**

A Kalusugan

1. **Pagbili ng gamot** (*generic* o *branded*), kabilang ang para sa *influenza* at bakuna laban sa *pneumonia*, at iba pang mahahalagang gamit-pangkalusugan, at mga aparato na tutukuyin ng *Department of Health* (DOH).

- Kabilang din ang mga gamot na puwedeng bilhin kahit hindi kailangan ng reseta (*over the counter*) gaya ng *paracetamol*. Kinakailangan lang na dala ninyo ang ID at *purchase booklet*. Ang gamot na maaaring bilhin kung walang reseta ng doktor ay para lamang sa isang linggong gamitan.
- Pagbili ng salamin, *hearing aid*, pustiso, pagpalit ng *artificial bone*, saklay, *wheelchair* (manual o de-kuryente), tungkod, *diaper*, at iba pang kagamitang pangkalusugan, at aparato na ginagamit ng senior citizen.

Baston/saklay

Salamin

wheelchair

2. **Pagbayad ng professional fee (PF)** sa mga doktor sa lahat ng pribadong ospital, pagamutan, mga klinika, at *home health care services*; at mga lisensyadong *health providers* na minungkahi at inendorso ng mga pribadong ospital o kaya'y nagtatrabaho sa mga *home healthcare employment agency*.

3. **Serbisyong pangkalusugan at *dental*, bayad sa mga** *laboratory* **at mga** *test* sa lahat ng mga pribadong ospital, pagamutan, klinika, at mga *home healthcare services*. Alinsunod sa mga pamantayan at regulasyon na inilabas ng DOH, sa pakikipag-ugnayan sa PhilHealth.

B Transportasyon

1. **Pamasahe sa sasakyang panlupa:** pampublikong bus, pampublikong *jeep*, *taxi*, *FX/van*, *UV Express*, *MRT*, *LRT*, at *PNR*.

2. **Pamasahe sa eroplano at barko sa mga biyaheng sa loob lamang ng bansa** at mga kaparehong pampasaherong sasakyan batay sa itinakdang pamasahe at *advanced booking*

C Hotel at iba pang parehong uri ng matitirhan, restawran at bakasyunan, mga punenarya at serbisyo sa libingan sa pagpanaw ng *senior citizen*:

1. Para sa mga restawran, tanging ang pagkain na inorder ng (mga) *senior citizen* ang magkakaroon ng 20% na diskuwento.

- Ang diskuwento ay maaari ring magamit sa mga *take-out/take home, drive thru, delivery*, at iba pang inorder o binili gamit ang credit card.
- Hindi puwede ang dalawang uri ng diskuwento. Para sa mga bilihin na mayroon ng diskuwento, maaaring makuha ng *senior citizen* ang diskuwento o ang 20% diskuwento, alinman ang mas mataas.

2. Paggamit ng *gym* at *sports facilities* o kagamitan sa pagpapalakas ng katawan, lugar para sa *ballroom, yoga, badminton, bowling, tennis*, at *martial arts facilities*.

3. Bayad sa panonood ng teatro, pelikula, *concert, circus,* at iba pang lugar ng libangan.

4. Ang benepisyaryo o sinumang magbabayad ng gastusin sa paglilibing ng namayapang nakatatanda ay maaaring makakuha ng 20% na diskuwento kung maipapakita ang katibayan ng pagkamatay (*death certificate)* ng *senior citizen*. Ang iba pang mga gastusin sa paglilibing na may diskuwento ay ang kabaong o *urn*, *embalming*, *cremation*, serbisyo sa lamay, pagkuha ng katawan ng namayapa mula sa *morgue*, at paghahatid ng namayapa sa kanyang libingan. Hindi naman kabilang sa may diskuwento ang paglalathala sa *newspaper* at ang loteng paglilibingan.

III. Iba pang pribilehiyo

A **Hindi pagbayad ng** *income tax* ng mga *senior citizen* na kumikita ng *minimum wage*.

B **Hindi pagbayad ng** *training fee* para sa mga programang *socio-economic*.

C **Libreng serbisyong pangkalusugan at *dental*, bayad sa *laboratory* at mga *test* sa mga pampublikong pasilidad** (gaya ng, ngunit hindi limitado sa, *x-ray*, *tomography scan, blood test*, batay sa gabay at pamantayan na inilabas ng DOH sa pakikipag-ugnayan sa PhilHealth).

D **Libreng bakuna laban sa** *influenza* **at** *pneumonia* para sa mga pasyenteng mahihirap na *senior citizen* na ibibigay ng DOH.

E **Tulong sa pag-aaral para sa mga** *senior citizen* para makapag-aral sa *high school*, kolehiyo, bokasyonal, pati na rin ang mga *short-term courses* para mapatalas ang kaalaman, sa parehong pampubliko at pribadong paaralan sa pamamagitan ng pamamahagi ng *scholarships*, *grant*, tulong pinansiyal, subsidiya, at iba pang insentibo para sa mga kuwalipikadong *senior citizen*, kabilang ang pagtulong sa pagkakaroon ng *allowance* sa libro, kaalamang pampagkatuto, at uniporme.

F **Benepisyo at pribilehiyo sa mga retirado**, hanggang sa kakayanin at maaari, ang pagpapatuloy ng parehong benepisyo at pribilehiyo na ibinibigay ng G*overnment Service Insurance System* (GSIS), S*ocial Security System* (SSS), at ang PAG-IBIG, batay sa karanasan, na parehong natatamasang nasa serbisyo.

G **Espesyal na pila para sa mga *senior citizen*** sa lahat ng pribado at pampublikong establisiyemento; kung wala nito, dapat na bigyan ng prayoridad ang mga *senior citizen*.

H Diskuwento sa pagkunsumo ng kuryente at tubig

1. Limang porsyentong (5%) diskuwento sa buwanang konsumo ng tubig at kuryente na ibinibigay ng pampublikong establisiyemento sa mga indibidwal na metro na nakapangalan sa *senior citizen* na nakatira doon, at sa mga kumukunsumo ng hindi lalagpas sa 100 *kilowatt per hour* (kwh) ng kuryente at 30 *cubic meters* ng tubig.

2. Hindi bababa sa limampung porsyento (50%) na diskuwento ay ibibigay sa pagkonsumo ng kuryente, tubig, at telepono ng mga *senior citizen center* at mga r*esidential/group homes* na pinapatakbo ng pamahalaan o ng mga *non-stock, non-profit domestic corporation* na inorganisa at pinapatakbo para sa ikabubuti ng pamumuhay ng mga inabandona, napbayaan, walang kamag-anak, at *senior citizen* na walang tirahan, batay sa pamantayan na binalangkas ng DSWD.

IV. Tulong ng Gobyerno

A Employment

Ang mga *senior citizen* na may kakayahan at gustong magtrabaho, o kaya'y gusto muling magtrabaho ay bibigyan ng impormasyon at *matching services* ng DOLE at ng iba pang katuwang na ahensya ng pamahalaan at ng mga LGUs upang maging bahagi muli sila ng produktibong miyembro ng lipunan. Ang patakaran sa pag-empleyo ay dapat na sumunod sa probinsyon ng *Labor Code*, at iba pang batas, pamantayan, at regulasyon.

B Kalusugan

1. Ang DOH, sa pakikipag-ugnayan sa mga *Local Government Units* (LGUs), Non-*Government Organisations* (NGOs) o *People's Organisations* (POs) para sa *senior citizen*, ay magsasagawa ng isang pambansang programa sa kalusugan at magbibigay ng naaayong serbisyong pangkalusugan sa mga *senior citizen.*

2. Magsasanay ng mga c*ommunity-based health worker* sa mga *senior citizen* at mga kawani ng sangay ng kalusugan na magespesyalisa sa *geriatric care* at problemang pangkalusugan ng mga *senior citizen.*

C Edukasyon

Ang *Department of Education* (DepEd) ang *Technical Education and Skills Development Authority* (TESDA) at ang *Commission on Higher Education* (CHED) sa pagkokonsulta sa *non-government organizations* (NGOs) at mga *people's organizations* (POs) para sa mga *senior citizen*, ay magbabalangkas ng mga programa para matiyak ang akses sa pormal at hindi-pormal na edukasyon.

D Serbisyong panlipunan

1. **Self and social enhancement services** na nagbibigay ng oportunidad sa mga *senior citizen* para makipagkaibigan, makapag-organisa, malikhaing makapagpahayag, at mapahusay ang sarili.

2. **After care and follow-up services** sa mga *senior citizen* na napalabas na mula sa mga tahanan o mga institusyon ng mga nakatatanda, lalo na iyong mga may problema sa muling pagsasama-sama sa kanilang pamilya at komunidad, kung saan parehong ang *senior citizen* at ang kanilang pamilya ay nabibigyan ng *counselling*.

3. **Neighborhood support services** kung saan ang mga pamayanan o ang miyembro ng pamilya ay nagbibigay ng serbisyo sa kanilang mga mahal sa buhay na mahina, may sakit o kaya'y hindi na makalakad. tulad ng *bedridden* na mga *senior citizen.*

4. **Substitute family care** sa paraan ng pagkakaroon ng mga r*esidential care* o *group home* para sa mga inabandona, napabayaan, walang kamag-anak, o mga walang tirahan na *senior citizen* at iyong mga hindi na kayang kalingain ang sarili.

V. Natatanging Serbisyo

Espeyal na serbisyo para sa mga senior citizen sa pagbili ng *basic commodities*. 5% diskuwento ang para sa sumusunod na produkto:

De latang sardinas, tuna, evaporada, condensada, tinitimplang gatas; kape, tinapay, asukal, *instant noodles*, *luncheon meat*, *meat loaf*, *corned beef, ready-to-cook* na baboy, baka, at manok, kahit *frozen*/ nasa ref /napreserba, bareta ng sabon, *powdered* na sabon panlaba, at sabon na panligo.

VI. Karagdagang Tulong ng Gobyerno

A Social pension

Php 500 buwanang pensyon sa mga maralitang/mahihirap *senior citizen*

B Mandatory na PhilHealth Coverage o ang Republic Act 10645

Lahat ng *senior citizen* ay sakop ng pambansang *health insurance* program ng PhilHealth

C Social safety nets

Ang mga tulong na nakalaan upang hindi labis na maapektuhan ang mga *senior citizen* ng pagbagsak ng ekonomiya, mga sakuna at kalamidad. Kabilang sa *social safety assistance* ang pagkain, gamot, tulong pinansiyal para sa pagpapaayos ng tirahan, ngunit hindi limitado sa nabanggit ang maibibigay na tulong. Magmumula ang pondo sa LGU kung saan nakatira ang *senior citizen*, alinsunod sa pamantayan na inilabas ng DSWD.

D Death Benefit Assistance

Pagbibigay ng hindi bababa sa **Php 2,000.00** *death benefit assistance* ay ibibigay sa pinakamalapit na kamag-anak ng namayapang mahirap na *senior citizen.*

Parusa:

- Unang paglabag: pagkakakulong ng hindi bababa sa dalawang taon ngunit hindi lalagpas ng anim na taon at multa na hindi bababa sa Php 50,000 at hindi hihigit sa Php 100,000.
- Susunod na (mga) paglabag: pagkakakulong ng hindi bababa sa dalawang taon ngunit hindi lalagpas ng anim na taon at multa na hindi bababa sa Php 100,000 at hindi hihigit sa Php 200,000.
- Sinumang tao na inaabuso ang mga pribilehiyo: pagkakakulong ng hindi bababa sa dalawang taon ngunit hindi lalagpas ng anim na taon at multa na hindi bababa sa Php 50,000 at hindi hihigit sa Php 100,000.
- Ang mga korporasyon, *partnership* at organisasyon o iba pang kaparehong grupo, ang mga opisyal na may direktang kinalaman gaya ng presidente, *general manager, managing partner,* o katulad na opisyal kasama ang pamunuan ng opisina ay may pananagutan.
- Banyagang lumabag sa batas: Agad na ipapabalik sa kanyang bansa matapos mapagsilbihan ang nakalaang panahon ng pagkakulong
- Paghain ng naaayong reklamo, at matapos ang proseso at pagdinig sa kaso, ang mga inatasang otoridad ay maaaring bawiin o ikansela ang *business permit, permit to operate,* prangkisa at iba pang parehong pribilehiyo na ibinibigay sa sinumang tao o establisiyemento o negosyo na hindi makasusunod sa probisyon ng batas.

Ipakita ang alin man sa sumusunod upang matamasa ang inyong karapatan at pribilehiyo:

1. Senior Citizen ID card
2. Pasaporte ng senior citizen
3. Iba pang dokumento na nagpapatunay na isang ganap na senior citizen ng Pilipinas at may edad na hindi bababa sa 60 taong gulang.

Inilimbag ng: **Coalition of Services of the Elderly Inc. (COSE)**
1407 Quezon Avenue,
West Triangle, Quezon City
Metro Manila 1104, Philippines

Tel: +63 2 374 6416 | Fax: +63 2 709 6567
admin@cose.org.ph
www.cose.org.ph
www.facebook.com/CoalitionOfServicesOfTheElderly

Sa tulong ng:

Copyright © COSE 2017

COSE

Republic Act No. 9994

EXPANDED SENIOR CITIZENS ACT OF 2010

Mga benepisyo at pribilehiyo ng isang senior citizen sa Pilipinas